MUNICIPALITY OF BALIWAG
00000194

**Pamahalaang Bayan ng Baliwag**
TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN
LALAWIGAN NG BULACAN

## Kautusang Pangangasiwa Blg. 1

### PAGBUO NG KOMITE NA MAGREREPASO AT MAGPAPANUKALA NG MAKABAGONG PAMBAYANG KAUTUSAN SA PAGBUBUWIS *(MUNICIPAL TAX ORDINANCE)*

ALINSUNOD, Seksiyon 444 (b) (iv) ng Republic Act No. 7160, o mas kilala bilang *Local Government Code of 1991*, ay nagsasaad na isa sa mga tungkulin ng Punong Bayan ay ang magpasimula at magpanukala ng mga pambayang kautusan upang mahusay na mapamahalaan ng bayan.

SAPAGKAT, ang kasalukuyang Pambayang Kautusan sa Buwis (Municipal Tax Ordinance No. 3-97) na ipinagtibay noong Disyembre 15, 1997 ay lipas na at ang mga nilalaman nito ay hindi na naaayon sa makabagong panahon;

KUNG KAYA'T, kinakailangan na makapagbuo ng Komite na magrerepaso at magpapanukala ng mga susug sa kasalukuyang Pambayang Kautusan sa Buwis (Municipal Tax Ordinance No. 3-97).

NGAYON NGA'Y, AKO, FERDINAND V. ESTRELLA, Punong Bayan ng Bayan ng Baliwag, Bulacan, sa pamamagitan ng kabutihan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay ipinag-uutos ang pagbuo ng Komite na magrerepaso at magpapanukala ng mga susog tungo sa isang Makabagong Pambayang Kautusan sa Pagbubuwis *(Municipal Tax Ordinance)* na panunungkulan ng mga sumusunod:

Pambayang Ingat-Yaman, bilang Tagapangulo

Pambayang Tagapangasiwa, bilang Kasapi

Pambayang Tagapagtanggol, Kasapi

Pambayang Tagatugon sa Pagpaplano at Pag-unlad, Kasapi

Pambayang Gugulin, Kasapi

Pambayang Tagatasa, Kasapi

Ang Komiteng ito ang mangangasiwa sa (1) pagkalap at paglahad ng mga datos na magpapatunay sa pangangailangan na kailangan masusugan ang Municipal Tax Ordinance No. 3-97; (2) pagbalangkas ng mga susog at mga pagbabago sa nasabing ordenansa; at (3) paglalakad sa Sangguniang Bayan upang tuluyan nang maisabatas ang Makabagong Municipal Tax Ordinance.

GINAWA sa Bayan ng Baliwag, Bulacan, ngayong ika-pito ng Hulyo, sa taon ng ating Panginoon, dalawang libo't labing anim.

FERDINAND V. ESTRELLA
*Municipal Mayor*